

I-update ang Iyong FEMA Application Habang Bumabalik ka sa Iyong Ari-arian

Release Date: Marso 7, 2025

LOS ANGELES – Habang bumabalik ang mga nakaligtas sa kanilang ari-arian, mahalagang patuloy nilang i-update ang kanilang FEMA application habang nalalaman nila ang kalagayan ng kanilang ari-arian.

Kung una mong ipinahayag sa FEMA na ang iyong tahanan ay hindi mapuntahan o hindi mo alam ang lawak ng pinsala, kailangan mong i-update ang iyong aplikasyon kapag nalaman mo na ang kalagayan ng iyong ari-arian. Kapag nakumpirma mo na ang kalagayan ng pinsala, agad na i-update ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng FEMA hotline o sa isang Disaster Recovery Center (DRC). Ang nawawala o luma nang impormasyon ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa iyong tulong.

Ang pag-update ng kalagayan ng iyong **ari-arian ay maaari lamang gawin sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang FEMA specialist sa pamamagitan ng telepono sa 800-621-3362 o sa pagbisita sa isang DRC.** Tingnan ang mga lokasyon sa ibaba:

Altadena

540 West Woodbury Rd.

Altadena, CA 91001

Bukas Lunes–Sabado: 9 a.m. hanggang 7 p.m.

UCLA Research Park

10850 West Pico Blvd.

Los Angeles, CA 90064

Bukas Lunes–Sabado: 9 a.m. hanggang 7 p.m.

Ang mga Disaster Recovery Center ay pisikal na naa-access para sa mga taong may kapansanan at iba pang may pangangailangang pang-access at pang-functional. Ang mga ito ay may kasamang assistive technology at iba pang mapagkukunan upang matiyak na lahat ng aplikante ay may access sa mga



FEMA

Page 1 of 3

serbisyo.

Iba pang mga halimbawa ng impormasyon na maaari lamang i-update nang personal o sa pamamagitan ng telepono ay kinabibilangan ng:

- Mga pagbabago sa iyong aplikasyon.
- I-update ang iyong kasalukuyang mailing address.
- I-update ang iyong kasalukuyang numero ng telepono.
- Pagwawasto o pagpapatunay ng pinsala sa bahay at ari-arian, tulad ng dating hindi mapuntahan o hindi alam na pinsala na nagbago sa napuntahan o nalaman nang uri ng pinsala.

Ang FEMA online account ay nagpapadali sa pag-update ng iba pang impormasyon tulad ng iyong contact information, mga kagustuhan, at pag-upload ng mga dokumento. Maaari kang lumikha ng account sa DisasterAssistance.gov. Maaari mo ring i-download ang [FEMA Aplikasyon sa Mobile](#) sa iyong telepono at subaybayan ang iyong impormasyon doon. Kung wala kang access sa internet o mas gusto mong personal na bumisita sa FEMA, ang aming mga DRC ay handang tumulong sa iyong mga pangangailangan.

Kapag nakikipag-ugnayan sa FEMA, siguraduhing banggitin ang siyam-na-digit na application number na ibinigay sa iyo noong ikaw ay nag-aplay. Ang numerong ito ay kasama sa lahat ng liham o komunikasyon na ipinapadala sa iyo ng FEMA — napakahalaga na gamitin ang numerong ito.

Pagkatapos mong mag-apply sa FEMA, susuriin ang iyong kahilingan para sa tulong upang matukoy kung kailangan ang isang inspeksyon upang kumpirmahin ang pinsalang nauugnay sa kalamidad sa iyong tahanan at personal na ari-arian. Ang mga inspeksyon sa tahanan ng FEMA ay isinasagawa nang personal o virtual, at makikipag-ugnayan sa iyo ang inspektor upang gumawa ng appointment. Kung ang inspeksyon ay personal, ang inspektor ng FEMA ay magpapakita sa iyo ng isang opisyal na pagkakakilanlan sa larawan at malalaman ang iyong numero ng pagpaparehistro; hindi kailanman hihilingin sa iyo ng mga inspektor (kung hihilingin, huwag ibigay) Walang bayad para sa inspeksyon.

Basahing mabuti ang iyong determination letter upang maunawaan ang susunod na mga hakbang sa proseso at kung anong karagdagang mga dokumento ang maaaring kailanganin. Ang determination letter ay magbibigay din ng mga



FEMA

Page 2 of 3

tagubilin kung paano mo [maiaapela ang desisyon ng FEMA](#).

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbangon ng California, pumunta sa fema.gov/disaster/4856. Sundan ang FEMA Region 9 [@FEMARegion9](#) sa X o sundan ang FEMA online, sa X [@FEMA](#) o [@FEMAEspanol](#), sa [Facebook page ng FEMA](#) o [Espanol page](#) at sa [YouTube account ng FEMA](#). Para sa impormasyon tungkol sa kahandaan, sundan ang Ready Campaign sa X sa [@Ready.gov](#), sa Instagram sa [@Ready.gov](#), o sa [Ready Facebook page](#).

Nakatuon ang California sa pagsuporta sa mga residenteng naapektuhan ng Los Angeles Hurricane-Force Firestorm habang nasa proseso sila ng pagbangon. Bisitahin ang [CA.gov/LAFires](https://ca.gov/LAFires) para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga disaster recovery program, mahahalagang deadline, at kung paano mag-aplay para sa tulong.



FEMA

Page 3 of 3